BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAUNAWA SA PUBLIKO

**Enero 12, 2024**

PARA SA: Mga magulang o tagapag-alaga ng mga bata na nakalista sa sumusunod na paaralan:

**Mababang Paaralan ng Fairview**
**Matt Garcia Career & College Academy (Gitnang Paaralan)**
**Virtual Academy ng Fairfield-Suisun (Paaralang K-8)**

Lahat ng mga kapitbahay na pamahayan at negosyo na nasa loob ng 1,000 na piye sa iminumungkahing bago o binagong pinanggalingan ng maruming hangin na nakalista sa ibaba.

MULA SA: Bay Area Air Quality Management District

TUNGKOL SA: Paghiling ng Pahintulot Bilang 684115 para sa sumusunod na (mga) pinanggalingan ng maruming hangin:

**Pang-Emergency na Standby na Makinang Diesel**
*(Emergency Standby Diesel Engine)*
**Fairfield Library**
**1150 Kentucky Street**
**Fairfield, CA 94533**

---

Ang Bay Area Air Quality Management District (ang “Air District”) ay isang lokal na ahensiya na nangangasiwa sa mga nakapirmeng pinanggagalingan ng polusyon sa hangin kagaya ng mga pagawaan, pang-industriyang lugar, at gasolinahan.

Sa tuwing makakatanggap kami ng aplikasyon sa permiso para sa bago o binagong (mga) pinanggagalingan ng nakakalasong contaminant sa hangin na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan mula sa lugar ng paaralan o sa loob ng labis na naaapektuhang komunidad, hinihiling ng regulasyon ng Air District na pagbigyang-alam ang publiko. Para matugunan ang pangangailangang ito, namimigay o nagpapadala kami ng Pampublikong Abiso sa mga magulang o tagapangalaga ng mga mag-aaral na naka-enroll sa mga paaralang matatagpuan sa loob ng 1/4 na milya, at lahat ng mga residente at negosyo na matatagpuan sa loob ng 1,000 talampakan, ng (mga) iminumungkahing pinanggagalingan.

Natatanggap mo ang Pampublikong Abiso na ito dahil may aplikasyon sa permiso na nakahain na sa Air District para sa (mga) natukoy sa itaas na pinanggagalingan ng polusyon sa hangin sa loob ng labis na naaapektuhang komunidad. Ang paglalarawan ng iminumungkahing proyekto ay ang mga sumusunod:

> Nag-apply ang ***Silid-Aklatan ng Fairfield*** para sa awtoridad na bumuo ng pang-emergency na standby na makinang diesel (makina). Papatakbuhin ang makina sa kaganapang mawalan ng kuryente.

***PAUNANG PAGSUSURI***

Sinuri ng Distrito ng Hangin ang paghiling ng pahintulot para sa iminumungkahing proyekto at gumawa ito ng pangunahing pagpapasiya na inaasahan ang proyekto na sumunod sa lahat ng nalalapat na regulasyon ng Distrito ng Hangin, estado, at pederal na pamahalaan na nauugnay sa kalidad ng hangin, kasama ang mga panganib sa kalusugan na nagreresulta mula sa pagbuga ng mga nakakalasong nagpaparumi ng hangin. Ang pangunahing rekomendasyon ay ang pagbibigay ng permiso para sa proyektong ito. Pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng komentong natanggap, gagawa ang Distrito ng Hangin ng panghuling pagpapasiya.

***KARAGDAGANG IMPORMASYON***

Nakatuon ang Programa sa Pagprotekta ng Kalusugan ng Komunidad ng Air District sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa polusyon sa hangin sa mga labis na naaapektuhang komunidad. Para sa higit pang impormasyon sa mga aktibidad ng Air District sa iyong komunidad, sumangguni sa website ng Air District sa:

https://www.baaqmd.gov/community-health

Kung interesado kang makakuha ng higit pang impormasyon, maaari kang humiling ng mga kopya ng ulat ng pagsusuri ng Air District sa pamamagitan ng pagtawag sa Air District sa numero ng teleponong nakalista sa dulo ng abisong ito. Maa-access din ang impormasyong ito sa website ng Air District sa:

http://www.baaqmd.gov/permits/public-notices

***PANAHON NG PAG-KOMENTARYO NG PUBLIKO***

**May 30-araw na panahon ang publiko para sa pagsagot sa mungkahing ito. Kung nais mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto, maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat o pag-email. Bilang alternatibo, maaari kang tumawag at mag-iwan ng mensahe hanggang sa isang minuto ang haba. Mangyaring iwanan ang iyong pangalan at numero ng telepono para masagot ang patnugutan ng Distrito ang iyong mensahe.**

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na pakikipag-ugnay na impormasyon kung gusto mong mag-komentaryo sa iminungkahing proyekto:

| | |
|---|---|
| Direksiyon sa koreo: | Fairfield Library (A/N 684115)<br>Public Notice Response<br>BAAQMD - Engineering Division<br>375 Beale Street, Suite 600<br>San Francisco, CA 94105<br>Attn: Youjin Kim |
| E-mail address: | ykim@baaqmd.gov |
| Numero ng Telepono: | (415) 749-5042 |

Ang panahon ng pag-komentaryo ng publiko para sa proyektong ito ay magtatapos sa **Pebrero 16, 2024.**